NJ FAMILYCARE

Abot-kayang health coverage. Mahusay na pangangalaga.

Ibinibigay ng Estado ng New Jersey

Chris Christie, Gobernador
Kim Guadagno, Tenyente Gobernador
Estado ng New Jersey

Ang NJ FamilyCare ay nagbibigay ng mahusay na libre o murang health coverage para sa walang insurance na mga batang 18 taon at mas bata at sa mga magulang na maliit ang kinikita. Mahigit sa kalahating milyong mga bata sa New Jersey ang nabibigyan ng coverage sa programang ito.



Ano ang Sinasaklaw?

Ang NJ FamilyCare ay nagbibigay ng buong health care coverage sa pamamagitan ng mga matatag na Health Maintenance Organization (mga HMO) na pinapalakad sa buong estado. Sinasaklaw ng NJ FamilyCare ang halos lahat ng pangangailangan sa health care, kabilang ang mga:

- pagkonsulta sa doktor
- reseta
- lab test
- x-ray
- pagkaka-ospital
- dental (para sa mga bata)
- salamin sa mata
- serbisyo sa pangkaisipang kalusugan
- pagpapatingin sa espesyalista

Sino ang Kwalipikado?

Mga bata lamang na 18 taon at mas bata at ang ilang mga magulang na maliit ang kinikita na nakatira sa New Jersey ang kwalipikado para sa NJ FamilyCare. Ang pagiging kwalipikado ay batay sa laki ng pamilya, kabilang ang mga bata at mga magulang, at sa buwanang kita. Ang mga ari-arian ay hindi kasama sa batayan. Ang mga magulang/guardian na kumikita nang mas kaunti kumpara sa halaga na nakapahayag ay maaaring hindi kwalipikado dahil ang kita tulad ng benepisyo para sa walang trabaho, sustento sa bata, at benepisyo galing sa gobyerno ay isinasama sa kakaibang paraan para sa mga magulang/guardian. (Tingnan ang tsart sa kanan.)

Magkano Ito?

Para sa maraming pamilya, ito ay walang bayad: walang buwanang premium o co-payment. Para sa mga pamilyang may mas mataas na buwanang kinikita, may sliding scale para sa maliit na mga co-payment at maaaring kailangang magbayad ng mga buwanang premium.

Mayroon Bang Anumang Mga Pagtatakda?

Ang mga kondisyon na dati nang umiiral ay hindi nakakaapekto sa pagiging kwalipikado. Sa karamihang mga kaso, nararapat na ang mga bata ay walang medical insurance sa nakalipas na 3 buwan o higit pa. Dahil mayroong mga eksepsiyon, mabuti ang tumawag sa NJ FamilyCare kung mayroon kayong katanungan.

Ang mga adult parent/guardian na imigrante ay dapat may legal permanent resident status nang kahit 5 taon man lamang upang maging kwalipikado. Para sa mga residenteng walang dokumento, ang kanilang mga anak ay maaaring kwalipikado kung sila'y ipinanganak sa US.

Pinakamalaking Kinikita ng Pamilya sa 1/1/2012

Mangyaring rebyuhin ang tsart. Ito ay batay sa laki ng pamilya at buwanang kinikita bago magbayad ng mga tax.

Pinakamalaking Limit sa Kabuuang Buwanang Kinikita

Laki ng Pamilya*	Coverage para sa Mga Bata *(18 taong gulang at mas bata)*	Coverage para sa Mga Magulang/Guardian
2	$4,413	$1,677
3	$5,568	$2,116
4	$6,723	$2,555
5	$7,878	$2,994
6**	$9,033	$3,433

** Kabilang ang mga magulang/guardian at ang kanilang mga anak na nasa tahanan*
*** Para sa mga mas malaking pamilya, tumawag upang malaman ang inyong mga patnubay sa buwanang kita*

Para sa Karagdagang Impormasyon

Upang malaman kung kayo ay kwalipikado, o para sa karagdagang impormasyon, tumawag o bisitahin ang aming website.

1-800-701-0710
(May mga operator na nagsasalita ng iba't-ibang wika)

www.njfamilycare.org
Mag-aplay online!

TTY 1-800-701-0720
(Para sa mga may kapansanan sa pandinig)